Mga Impormasyon Tungkol sa Gamot

Saquinavir (Invirase, Fortovase)

Huling binago noong September 2003

Bakit ako pinaiinom ng Saquinavir?

- Ang Saquinavir (tinatawag ding Invirase o Fortovase) ay isa sa mga gamot na iniinom kasama ng ibang gamot laban sa HIV infection.
- Hinaharang ng Saquinavir, isang gamot na kabilang sa mga gamot na tinatawag na "Protease Inhibitors" (PI)", ang protinang "Protease". Kailangan ng HIV virus ang protinang ito upang magparami. Upang mapabagal ang paglala ng HIV infection, kailangang pigilin ang protinang ito.
- Ang pag-inom nito ay makababawas ng HIV virus sa katawan mo. Maiiwasan ang pagkakaroon ng AIDS-related na mga sakit, mapananatiling malusog ka nang mas matagal na panahon, at mababawasan ang pagkasira ng iyong immune system.

Paano iniinom ang gamot na ito?

- Mayroong Saquinavir na:
  - 200mg na kapsula, Invirase, berde at dilaw; at
  - 200mg na malambot na kapsula kulay beige, Fortovase.
- Ang bilang ng kailangan mong inumin ay depende sa anyo ng Saquinavir. Ang Invirase at Fortavase ay parehong kailangang inumin nang may laman ang tiyan o sa loob ng dalawang oras matapos kumain.
- Sa kasalukuyan, ang Saquinavir ay ginagamit kasama ng iba pang Protease Inhibitors tulad ng Ritonavir (Norvir).
- Huwag ilalagay ang Saquinavir sa banyo o sa kusina, maaaring mawala ang bisa nito kapag namasa.
  - Ang kapsulang Invirase ay dapat panatilihing tuyo sa room temperature.
  - Ang kapsulang Fortovase ay maaari sa room temperature hanggang mga tatlong buwan.
- Itago ang mga ito sa lugar na hindi maaabot ng mga bata.

Paano kung malimutan ko itong inumin?

- Inumin ito kaagad sa sandaling maalala mo. Kung ang susunod na inom ay sa loob ng dalawang oras, sundin na lamang ang schedule. Huwag dodoblehin ang inom.
- Napatunayan sa mga recent studies na upang umepekto ang mga gamot laban sa HIV kailangang regular ang pag-inom nito. Kung hindi, maaaring mawala ang bisa ng mga gamot, at ang virus ay maaaring mag-iba at maging resistant.

Anu-ano ang mga side effects ng Saquinavir?

- Ang kadalasang side effects ng Saquinavir ay ang mga sumusunod:
  - Pananakit ng tiyan, pagduduwal, panghahangin ng tiyan at pagtatae
  - Rash
  - Pananakit ng ulo
  - Pagkapagod

- Mga side effects na sanhi ng matagal na pag-inom nito:
  - Pagtaas ng sugar at fat levels sa dugo (cholesterol, triglyceride)
  - Hindi normal na pagkalat ng taba sa katawan (paglaki ng baywang at dibdib, pamamayat ng mukha, binti at braso.
- Huwag itititigil ang pag-inom ng gamot hangga't hindi ka kumukunsulta sa doktor o parmasyutika.

Puwede bang inumin ang Saquinavir kasama ng ibang gamot?

- Ang Saquinavir ay maaaring mag-interact sa ibang gamot. Mahalagang ipaalam sa doktor o sa parmasyutika kung anu-anong prescription at non-prescription drugs ang iniinom mo (gayundin ang mga vitamins at herbs).
- Hindi dapat inumin ang Saquinavir kung ikaw ay umiinom ng:
  - Hismanal (astemizole)
  - Seldane (terfenadine)
  - Prepulside (cisapride)
  - Rifampin
  - Rifabutin

Puwede bang inumin ang Saquinavir nang may kasamang alak o street drugs?

- Ipinapayong iwasan ang labis na pag-inom ng alak o paggamit ng street drugs kung umiinom ka ng Saquinavir Ang alcohol ay maaaring mag-interact sa iyong mga gamot at madadagdagan ang panganib ng pagkakaroon ng hepatitis. Huwag palalampasin ang pag-inom ng gamot dahil lamang gusto mong iminom ng alak.
- Maaari ding mag-interact ang Saquinavir sa street drugs. Kumunsulta agad sa iyong doktor o parmasyutika kung gumagamit ka ng street drugs upang mapayuhan ka kung anong pag-iingat ang dapat mong gawin.

Puwede ba akong uminom ng Saquinavir kung ako ay buntis o nagpapasuso?

- Ikonsulta sa doktor ang pag-inom ng Saquinavir kung ikaw ay buntis.
- Ang HIV ay maaaring masalin mula sa gatas ng ina, kung kaya ang ipinapayo sa mga babaeng may HIV ay huwag magpapasuso sa sanggol.

Anu-anong pag-iingat ang kailangan kong malaman kung imiinom ng Saquinavir?

- Dapat kang magpatingin sa doktor at regular na magpa-blood test upang matingnan ang iyong atay, pancreas, bato (kidney), blood sugar, cholesterol at triglyceride.
- Tiyaking mayroon kang tuluy-tuloy na supply ng gamot.
- Ang Saquinavir ay hindi pumapatay sa virus o nagpapagaling sa AIDS. Hindi rin nito pinipigil ang pagsasalin ng HIV. Laging mag-ingat kung nakikipag-sex ka (gumamit ng kondom), o nagdudurog (gumamit ng malinis na karayom).

Copyright @ACAS 2001 & 2003. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.